

California Senior Medicare Patrol

Pahayag tungkol sa Pandaraya ng mga Tumatanggap ng Medicare

Huloy 2017

Pangilagan ang mga Negosyong naghahanap ng Bagong mga Posibleng Customer ~ Ingatan ang Inyong Identidad

Nakatanggap ba kayo ng anumang mga postcard na nagtatanong kung ano ang inyong pangalan at petsa ng kapanganakan at nangangakong padadalhan kayo ng "impormasyon tungkol sa maaaring makuhang mga benepisyo" o mga programa ng pamahalaan? Kung oo, mag-ingat kayo.

Kadalasan nagpapadala ang mga negosyong naghahanap ng mga bagong customer ng mga anunsyong nakalililang. Madalas ipinagkakamaling nanggaling sa isang entidad ng pamahalaan ang mga anunsyong ito na nag-aalok ng impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa mga benepisyo ng Medicare o mga programang maaari kayong maging kwalipikado, gaya ng mga Medicare Savings Program o Medicare Part D Extra Help. Nagbibigay lamang ng sapat na impormasyon upang maging interesado kayo at bigyan kayo ng pakiramdam na mayroon kayong pangangailangan upang mapilitan kayong ibalik ang postcard.

Gayunpaman, hindi sangay ng anumang ahensiya ng pamahalaan ang mga negosyong nagpapadala ng mga anunsiyo. Nag-iipon lamang ang mga ito ng personal na impormasyon, at pagkatapos ibinebenta ang impormasyong ito sa ibang mga mangangalakal ng mga produkto at serbisyo sa mga nakatatanda.

Kung makatanggap kayo ng ganoong postcard na humihingi ng impormasyong personal, tingnan nang mas mabuti. Nakikita ba ninyo ang pangalan ng anumang kompanya? Kung oo, hanapin ang kompanya sa mga website ng [Better Business Bureau](#) o [Federal Trade Commission](#) at alamin ang kanilang grado, ang kanilang negosyo at kung may mga reklamo. At kung mayroon kayong anumang pag-aalinlangan, itapon ang postcard.

Huwag kalimutan na hindi hihilingin ng Social Security, Medicare at iba pang mga ahensiya ng pamahalaan na ipadala ninyo ang inyong personal na impormasyon. Nasa kanila na ang impormasyong ito. Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa inyong mga mapagpipiliang seguro para sa inyong pangangalagang pangkalusugan, sa halip ng pagkumpleto ng isang postcard, hinihikayat namin kayong kontakin ang inyong lokal na Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP) sa California (1-800-434-0222). Libreng nagbibigay ang HICAP ng payo hinggil sa Medicare na walang kinakatigan.

At, iulat ang anumang nagbibigay-hinalang mga anunsiyo hinggil sa Medicare sa aming California Senior Medicare Patrol sa 1-855-613-7080.

Pumunta sa: www.cahealthadvocates.org
Maraming salamat!

